

Mga Waiver ng Medicaid para sa Mga Serbisyo na Nakabase sa Komunidad at

Ang waiver ng Medicaid para sa Mga Serbisyo na Nakabase sa Komunidad at Tahanan o Medicaid Home and Community-Based Services (HCBS) ay nagbibigay-daan sa mga estado na gamitin ang pondo ng Medicaid upang magbigay ng mga serbisyo sa mga taong may kapansanan sa kanilang mga tahanan at komunidad, na kung hindi ay maaaring ilagay sa mga institusyon. Ang mga Sentro ng Medicare at Medicaid na mga Serbisyo o Centers for Medicare and Medicaid Services (CMS) ay nagpapahintulot sa mga waiver ng estado. **Ang isang tao ay kailangang makatanggap ng Medicaid upang maging nasa isang waiver.** Ang pakikilahok sa isang Medicaid HCBS Waiver ay kusang-loob at nakatuon sa tao.

Upang maging karapat-dapat para sa *anumang* Medicaid HCBS waivers, dapat mong:

- 1) Maging mamamayan ng Estados Unidos ng Amerika o isang kuwalipikadong dayuhan sa ilalim ng pederal na Immigration and Nationality Act at maging ligal na naroroon sa Estados Unidos;
- 2) Maging residente ng Estado ng Nebraska; at
- 3) Dapat tumatanggap ng Medicaid.

Bawat waiver ay may kanya-kanyang mga kinakailangan para sa pagiging karapat-dapat. **Ang isang tao ay maaaring nasa isang waiver lamang sa isang pagkakataon**, bagaman maaari silang makatanggap ng mga serbisyo sa isang waiver habang naghihintay para sa isa pang waiver na pwedeng magagamit nila.

May dalawang waiver na maglilingkod sa mga taong may kapansanan, na nakakatugon sa Nursing Facility (NF) Level of Care at nais makatanggap ng mga serbisyo at suporta sa kanilang komunidad:

- **Waiver ng May Edad at May Kapansanan (AD):** Para sa mga tao ng lahat ng edad na may kapansanan at mga taong mahigit nang 65 taóng gulang. Nilayon upang tulungan ang mga tao na mamuhay sa tahanan.
- **Waiver para sa Traumatic Brain Injury (TBI):** Para sa mga taong 18 taong gulang at mas matanda na nagkaroon ng traumatic brain injury. Ang waiver na ito ay hindi para sa mga nagkaroon ng pinsala sa utak na dulot ng mga stroke, tumor, at iba pang hindi-traumatiko na sanhi. Nilayon upang tulungan ang mga tao na mayroong TBIs na mamuhay sa tahanan.

Mayroong tatlong mga waiver upang maglilingkod sa mga taong may kapansanan sa pag-unlad, na nakakatugon sa Intermediate Care Facility for Individuals with Intellectual Disabilities (ICF-IID) na Antas ng Pag-aalaga:

- **Comprehensive Developmental Disabilities (CDD) Waiver:** Nag-aalok ng mga serbisyo para sa integrasyon sa komunidad sa araw at suporta sa pamumuhay. Nakatuon sa pagtuturo ng mga kasanayan sa malayang pamumuhay sa bahay ng isang tao. Ang waiver na ito ay para sa mga tao sa lahat ng edad, bagaman ang mga serbisyo sa araw ay magagamit sa edad na 21.
- **Developmental Disabilities Adult Day (DDAD) Waiver:** Nag-aalok ng mga serbisyo na nakatuon sa pagsasama at paglalakip sa komunidad sa araw, kabilang ang suporta sa trabaho o pagtuturo ng mga kasanayan para sa hanapbuhay sa hinaharap. Ang waiver na ito ay para sa mga taong may edad 21 pataas.
- **Family Support Waiver (FSW):** Nag-aalok ng mga serbisyo at suporta upang tulungan ang mga batang may kapansanan sa pag-unlad na patuloy na manirahan sa kanilang tahanan ng pamilya. Ang waiver na ito ay para sa mga tao mula ipinanganak hanggang 21 taong gulang.

Matuto Pa

- [Ano ang Kailangan Kong Malaman Tungkol sa Medicaid?](#) - Ano ang kailangan malaman ng mga aplikante at mga kalahok.
- [Impormasyon ng Waiver para sa May-edad at may Kapansanan](#) - Isang pahinang buod ng mga serbisyo at kinakailangan ng AD Waiver.
- [Impormasyon ng Traumatic Brain Injury Waiver](#) - Isang pahinang buod ng mga serbisyo at kinakailangan ng TBI Waiver.
- [Impormasyon ng Comprehensive Developmental Disabilities Waiver](#) - Isang pahinang buod ng mga serbisyo at kinakailangan ng CDD Waiver.
- [Impormasyon ng Developmental Disabilities Adult Day Waiver](#) - Isang pahinang buod ng mga serbisyo at kinakailangan ng DDAD Waiver.
- [Impormasyon ng Family Support Waiver \(FSW\)](#) – Isang pahinang buod ng mga serbisyo at kinakailangan ng FSW.

Ang lahat ng mga mapagkukunan ay makukuha

sa: <http://dhhs.ne.gov/Pages/DD-Resources.aspx>.

Karamihan sa mga mapagkukunan ay makukuha sa ibang mga wika sa:

<https://dhhs.ne.gov/Pages/DD-Resources-In-Foreign-Languages.aspx>.

MGA SERBISYO NA INAALOK SA BAWAT WAIVER	AD	CDD	DDAD	FSW	TBI
Ang Adult Day ay nagbibigay ng mga aktibidad panlipunan, pangangasiwa, at suporta. Walang magtuturo.		✓	✓		
Ang Adult Day Health ay nagbibigay ng mga estruktural na aktibidad panlipunan, pagtuturo, at pangkalusugan.	✓				✓
Ang Assisted Living ay ibinibigay ng mga lisensyadong pasilidad para sa mga serbisyo sa tirahan at suporta.	✓				✓
Ang Assistive Technology ay nagbibigay ng kagamitan upang madagdagan ang mga kasanayan sa pang-araw-araw at kalayaan.	✓	✓	✓	✓	✓
Pagsanay sa mga Tagapag-alaga ay edukasyon para sa mga walang bayad na tagapag-alaga.				✓	✓
Ang Child Day Habilitation ay nagbibigay sa mga bata ng pagtuturo at suporta sa isang kapaligiran ng komunidad.		✓		✓	
Ang mga gawain sa bahay ay tumutulong sa mga gawain sa bahay upang ikaw ay manatili sa bahay.	✓				✓
Ang Community Integration/Connections ay tumutulong sa isang tao na ma-access ang kanilang komunidad.		✓	✓	✓	✓
Kasama para sa mga maygulang na 18 pataas; ang pangangalaga at mga suporta sa sosyal ay ibinibigay sa tahanan at komunidad ng isang tao.	✓				✓
Pagsusuri ng Konsultasyon para sa mga maygulang na nagbibigay ng pagsusuri at mga rekomendasyon para sa mga suliranin sa pag-uugali.		✓	✓		
Nagbibigay ang Day Supports ng mga aktibidad at pagtuturo sa isang lokasyon ng tagapagbigay.		✓	✓	✓	
Pagsusuri ng Pagbabago sa Kapaligiran tinutukoy ang mga pagbabago sa bahay o sasakyan upang matugunan ang iyong mga pangangailangan.	✓	✓	✓	✓	✓
Ang Dagdag na Pangangalaga para sa Mga Bata na may Kapansanan para sa mga kabataan hanggang 17 taong gulang ay nagpapahintulot sa karaniwang tagapag-alaga na magtrabaho o mag-aral.	✓				
Ang Pamilya at Peer Mentoring ay nagbibigay sa mga mentor ng mga karanasan sa buhay sa paglalayag ng mga sistema at mapagkukunan.				✓	
Tahanan Muli/Mga Serbisyonang Transisyonal Nagbabayad ng mga hindi paulit-ulit na gastos sa pagsasaayos upang makalipat ka mula sa isang institusyon patungo sa isang pribadong tahanan o tinutulungan na pamumuhay.	✓	✓	✓		
Ang Mga Pagkaing Inihatid sa Tahanan ay naglalaan ng pagkain sa iyo sa iyong tahanan.	✓				✓
Mga Pagbabago sa Tahanan at Sasakyan sa iyong pribadong tirahan o pangunahing sasakyan upang matugunan ang iyong mga pangangailangan, manatiling ligtas, at gawin ang mga bagay sa iyong sarili.	✓	✓	✓	✓	✓
Maybahay ang mga gawain sa bahay at pag-aasikaso sa tahanan upang tulungan ang karaniwang tagapag-alaga kapag sila'y wala o hindi kaya nilang pangasiwaan ang kanilang tahanan ng pamilya.		✓		✓	
Ang Paglinang ng Mga Kasanayan sa Kalayaan ay nagbibigay ng pagtuturo sa mga aktibidad ng pang-araw-araw na buhay upang makatulong sa mga kasanayan na nawala. Na ibinibigay sa inyong tahanan o sa isang pag-aayos ng grupo.	✓				
Ang In-Home Residential Habilitation ay nagbibigay ng pagtuturo sa iyong sariling tahanan (Mag-isa na Buhay) o tahanan ng pamilya (Sinusuportahang Pamumuhay ng Pamilya).		✓	✓	✓	
Pag-aalaga sa Sarili para sa mga maygulang na 18 pataas, kasali na ang pagtulon sa mga gawain ng pang-araw-araw na pamumuhay, mga kasamang paglilingkod, at mga gawaing nauugnay sa kalusugan.	✓				✓
Ang Personal Emergency Response System (PERS) ay isang aparato na tatawag para humingi ng tulong.	✓	✓	✓	✓	✓
Ang Prevocational ay nagtuturo ng mga pangkalahatang kasanayan na may		✓	✓		

kaugnayan sa trabaho na kinakailangan upang makakuha ng trabaho.					
Ang Residential Habilitation sa isang provider setting; kabilang ang Continuous Home, Host Home, at Shared Living.		✓			
Ang pahinga ay nagbibigay ng ginhawa sa iyong karaniwang tagapag-alaga.	✓	✓	✓	✓	✓
Suporta sa Pang-bokasyon para sa Maliit na Grupo sa isang negosyo o sa komunidad, kung saan natututo ka ng mga kasanayan sa trabaho at pag-uugali para sa hinaharap na trabaho.		✓	✓		
Espesyal na Habilitasyon sa Tahanan para sa Paninirahan para sa mga may sapat na gulang na pansamantalang hindi makaalis sa kanilang tahanan para sa mga serbisyo sa araw; kasama ang Pag-uugali at Medikal.		✓			
Sinusuportahang Trabaho - Indibidwal at Pagsubaybay tutulong sa iyo na mapanatili ang iyong mapagkumpitensya, pinagsamang trabaho.		✓	✓		✓
Terapeutikong Residensiyal na Habilitasyon ay isang panlahatang paglilingkod sa isang tagapagbigay na kondisyon, na makukuha kung mayroon kang DD at malubhang karamdaman sa isip.		✓			
Transportasyon ay naglalaan ng mga sasakyan sa mga lugar sa inyong komunidad para sa mga layuning hindi medikal.	✓	✓	✓	✓	✓